

HUMAN  
RIGHTS  
WATCH

## Lisensya na Pumatay

Ang Pamamaslang ng Pulisia ng Pilipinas sa 'Giyera Kontra  
Droga' ni Duterte



## Buod

Noong hapon ng Oktubre 14, 2016, apat na nakamaskarang mga lalakeng may bitbit na baril ang sumugod sa bahay sa Maynila ni Paquito Mejos, 53 taong gulang, may limang anak, at nagtratrabaho bilang electrician sa mga konstruksyon.

Minsanan nang gumamit ng shabu, sumuko si Mejos sa mga otoridad dalawang araw matapos niyang malaman na kasama siya sa listahan ng mga pinaghahinalaanang gumagamit ng droga. Hinanap ng mga lalake si Mejos na natutulog sa itaas ng bahay nila. “Nung makita ko sila bitbit yung mga baril nila paakyat,” sabi ng isa niyang kamag-anak, “sabi ko, ‘Pero sumuko na ‘yan sa otoridad!’ Sabi nila tumahimik daw ako, o ako ang susunod.”

Umalinggawngaw ang dalawang putok. Ilang sandal pa, dumating ang mga imbestigador na pulis kasama ang mga lalakeng may baril. Sa kanilang ulat, tinukoy ng pulis si Mejos na “pinaghahinalaan tulak ng droga” na “tumutok ng baril [sa mga pulis] pero naunang mabaril ng mga pulis sa katawan na nagdulot ng mabilisan nitong pagkamatay.” May pakete ng shabu at baril ang natagpuan sa tabi niya, ayon sa ulat. “Pero ni kailanman hindi nagkaroon ng baril si Paquito,” sabi ng isang kamag-anak nito. “At wala siyang shabu nung araw na ‘yon.”

Simula nang nanumpa si Pangulong Rodrigo Duterte noong Hunyo 30, 2016, bilang presidente, at simula ng kanyang panawagan para sa “giyera kontra droga,” ang Pambansang Pulisia ng Pilipinas (PNP) at ilang di-kilalang mga kalalakihan ay nakapatay na ng mahigit 7,000 na tao.

Pinupuntiryang kampanya laban sa droga na tinaguriang *Operation Double Barrel* ang mga pinaghahinalaanang mga gumagamit o nagtutulak ng droga. Pinapalabas na aarestuhin ang mga ito pero sa katunayan ay naging biktima sila ng kampanyang *extrajudicial killing* sa mahihirap na lugar sa Maynila at iba pang mga lungsod.

Ang tahasang pag-endorso ni Duterte sa kampanyang ito ay nagdadawit sa kaniya at ilang matataas na opisyal sa posibleng pag-uudyok ng kaharasan (*incitement to violence*),

panunulsol sa pamamaslang (*instigation of murder*), at sa pagkakaroon ng *command responsibility* para sa mga krimen laban sa sangkatauhan (*crimes against humanity*).

Ang report na ito ay nagsusuri sa 24 insidente na nauwi sa pagkasawi ng 32 ka-tao at kinasasangkutan ng mga tauhan ng Pambansang Pulisia ng Pilipinas (PNP) mula Oktubre 2016 hanggang Enero 2017. Napag-alaman ng Human Rights Watch na ang mga opisyal na ulat ng kapulisan sa mga ganitong insidente ay naggigiit ng *self-defense* o pagtatanggol sa sarili upang pangatwiranan ang mga pagpatay ng pulisya. Salungat ito sa mga testimonya ng mga saksi, na nilalarawan ang mga pagpatay bilang walang-awang pagkitil sa mga suspek na walang armas at nasa kustodiya na ng mga pulis. Para mapatibay ang kanilang mga salaysay, madalas nagtatanim ang mga pulis ng mga baril, basyo ng bala, at pakete ng droga sa tabi o sa katawan ng mga biktima. Wala pang masinsinang naiimbestigahan o nauusig para sa mga pagpatay na ito.

Bago mahalal bilang presidente, naging alkalde ng Davao City si Rodrigo Duterte ng mahigit na dalawang dekada. Doon, ang *Davao Death Squad* ay nakapatay ng daan-daang mga pinaghinalang gumagamit ng droga, mga batang lansangan, at iba pang pipitsuging kriminal. Habang tinatanggi na may kinalaman siya sa *Davao death squad*, pinuri naman ni Duterte ang mga pagpatay bilang epektibong paraan para sugpuin ang krimen. Tinamasa niya ang kanyang palayaw at reputasyon bilang “Duterte Harry.”

Bago pa man niya inanunsyo ang pagtakbo para sa pagka-presidente noong 2016, malinaw na ang intensyon ni Duterte na sugpuin ang krimen sa pamamagitan ng pagpatay sa mga tinatawag nyang kriminal: ”Pag ako pinalad at iniluklok ng Diyos, magtago kayo. Yang 1,000 na yan ay maging 100,000. Tataba ang mga isda sa Manila Bay. Diyan ko kayo itatapon.”

Ang pangako ni Duterte na patayin ang mga nagbebenta at gumagamit ng droga sa buong bansa ang naging plataporma niya noong halalan. Sa isang *campaign rally* noong Marso 15, 2016, halimbawa, sabi niya: “Kapag ako naging pangulo, iuutos ko sa pulisya na hanapin ‘yang mga tao na ‘yan [na nagbebenta at gumagamit ng droga] at patayin sila. Mapupuno ang mga *funeral parlor*.”

Pagkatapos niyang mahalal, nilinaw ni Duterte na ang kampanya kontra droga ay tututok sa pagpatay sa mga gumagamit at nagbebenta ng droga. Sa isang talumpati sa Davao City noong June 4, sabi niya: “Pag nandian ka pa sa droga, ipapapatay kita. Huwag nyong isipin na nagbibiro ako. Hindi ako nagpapatawa. Putangina, papatayin talaga kita.”

Simula nang maupo sa pwesto, paulit-ulit ipinangako ni Duterte na papatayin niya ang mga nagbebenta at gumagamit ng droga. May mga ulat nang lumalabas tungkol sa *extrajudicial killings* ng pulisia at mga tinatawag na “*vigilante*.” Noong Agosto 6, binalaan niya ang mga tulak ng droga: “Ang utos ko ay patayin kayo. Wala akong pakialam sa karapatang pantao, maniwala kayo sa’kin.” Pinuri niya ang pagtaas ng bilang ng mga namamatay sa mga operasyon ng pulis bilang katunayan ng “tagumpay” ng kanyang giyera kontra droga.

Noong Enero 30, nag-anunsyo ang Pambansang Pulisia ng Pilipinas (PNP) ng isang pansamantalang pagtigil ng operasyon kontra droga matapos na lumabas ang ulat sa pagpatay ng mga pulis sa isang Koryanong mangangalakal. Sa mga sumunod na araw, inatasan ni Duterte ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) na punan ang puwang na iniwan ng mga pulis sa nasususpendeng operasyon at gampanan ang mga tungkulin nila sa kampanya kontra droga. Pinangako ni Duterte sa publiko na ipagpapatuloy ang kampanya laban sa droga hanggang sa matapos ng termino niya sa 2022.

Sa imbestigasyon sa iilang insidente, natuklasan ng Human Rights Watch na may pananagutan ang pulisia sa *extrajudicial executions* — ang sinadyang pagpatay sa mga nasa kustodiya na ng mga pulis o ibang ahente ng estado. Isang malinaw na *modus operandi* ng operasyon ng pulisia ang lumabas. Sa madaming kaso, nagsisimula ito sa isang tao na makatatanggap ng bisita o kaya tawag galing sa isang opisyal ng barangay. Sasabihan sila na sila ay nasa isang “*watch list*” ng droga na ang mga opisyal ng barangay at pulisia mismo ang naglista. Ang ganitong mga pagbisita ay hindi lamang pagbabala – bagkus naging isang paraan ito nang pagkumpirma sa pagkakilangan at kinaroroongan ng target.

Nagkuwento sa Human Rights Watch ang mga kamag-anak, kapitbahay, at iba pang saksi na ang mga salaring may-baril ay madalas na kumikilos sa grupo ng dalawa, apat o

labindalawa. Magsusuot sila ng damit na pangsibilyan, na madalas ay itim, at ang mga mukha nila ay matatakpan ng *balaclava-style* na suot o iba pang maskara, at *baseball cap* o *helmet*. Kakatok sila sa mga pinto at papasukin nila ang mga kwarto nang walang pasabi kung sino sila o ni magpakita ng mga *warrant*. Ayon sa mga kamag-anak, may narinig sila na pagbugbog at ang mga ito ay magmamakaawa para sa kanilang buhay. Ang pamamaril ay mangyayari agad-agad — sa likod ng saradong pintuan o kaya papalabasin ang mga suspek at, ilang minuto ang lilipas, makakarinig na lang ang mga kapitbahay ng alingawngaw ng putok ng baril at saka nila makikita ang katawan ng biktima. O kaya, maya-maya, ang katawan ng biktima ay itatapon sa ibang lugar, at minsan nakagapos ang mga kamay o nakabalot ng plastik ang ulo nito. Ayon sa mga residente, madalas silang nakakakita ng mga naka-uniformeng pulis sa may labas ng mga pinangyarihan, nagmamanman lang sa paligid. Minsan, kahit na hindi sila tanaw bago mangyari ang insidente, bigla na lang may sisipot at darating na mga imbestigador.

Sinuri ng Human Rights Watch ang mga ulat ng pulisya sa halos lahat ng kasong inimbestigahan nito. Ang mga ito ay salungat sa mga kwento ng mga kamag-anak, ngunit may mga pagkakatulad: halos lahat ay nagsabi na sangkot ang mga ito sa “*buy-bust*” operations at hindi nagkakalayo bukod sa pangalan, lugar, at petsa. Habang ang kapulisan ay kinikilala ang kaibhan ng mga suspek na napatay dahil nanlaban nang aarestuhin na at sa mga pagpatay na ginawa ng “mga di-kilalang lalakeng may dalang baril” o “*vigilante*,” walang nakita ang Human Rights Watch na pinagkaiba sa mga kasong inimbestigahan. Sa iilang kaso, hindi pinansin ng pulisya ang mga alegasyon na sangkot sila dito at imbes ay tinuring ang mga pagpatay bilang “natagpuang bangkay (*found bodies*)” o “kamatayang iniimbestiga pa (*deaths under investigation*)” samantalang ilang oras pa lang nakalipas nung nasa kustodiya pa ng pulisya ang mga suspek. Ang ganitong mga kaso ay salungat sa sinasabi ng gobyerno na ang karamihan sa mga pagpatay ay gawa ng mga *vigilante* o magkaaway na grupo ng mga tulak ng droga.

Opisyal o tauhan man o hindi ng pulisya ang mga di-kilalang salarin na gumagawa ng aktwal na pagpatay, ang ganitong mga magkakaparehong taktika na nadokumento ng Human Rights Watch ay nagpapakita ng pagpaplano at koordinasyon ng pulisya at, sa ilang mga kaso, ng lokal na opisyal na sibilyan. Itong mga ganitong pagpatay ay hindi gawain ng mga tiwaling opisyal o *vigilante* na gumagalaw hiwalay sa mga otoridad. Ayon

sa aming pananaliksik, ang pagkasangkot ng pulisya sa mga patayang ito ay mas higit pa kaysa sa mga opisyal na pahayag tungkol sa mga “*buy-bust*” operations. Bukod dito, ang pagkabigo ng gobyerno na mahuli — o usigin man lang — ang kahit isang opisyal ng pulis sa kanilang papel sa mga pagpatay sa giyera kontra droga, na si Duterte mismo ang nagususulsol, ay nagbibigay ng mensahe na ang mga taong sangkot sa ganito ay hindi dapat matakot na papanagutin sila, at ang mga mangyayari pang pagpaslang mula ngayon ay hindi mapaparusahan.

Madalas na pinapalabas ni Pangulong Duterte na mga *druglord* at *drug pusher* ang pinupuntirya ng kanyang kampanya kontra droga. Ngunit sa lahat ng naimbestigahan ng Human Rights Watch maliban sa isa, ang mga biktima ay mga mahihirap (bukod sa isang medyo nakararangyang biktima na napagkamalan lang) at karamihan ay pinagsusupetsahan lang na gumagamit ng droga at hindi naman talaga nagbebenta nito. Halos lahat ng biktima ay mga walang trabaho o kaya ay mababa ang sweldo na trabaho, mga *tricycle* drayber o *dispatcher*, at nakatira sa lugar ng mga iskwater.

Ang di-umano'y *extrajudicial* na pagpatay sa libo-libong pinagsusupetsahan na nagbebenta at gumagamit ng droga sa Pilipinas ay kinakailangan makita sa konteksto ng paulit-ulit na pagbabanta ni Pangulong Duterte laban sa buhay nila. Sa Pilipinas man o sa hukuman sa ibang bansa, may ilang legal na pamamaraan para mapanagot si Duterte at ang kanyang mga tauhan.

Wala pang ebidensya sa ngayon ang nagpapakita na si Duterte mismo ang nagplano o kaya ay nag-utos sa isang partikular na pagpatay. Pero ang paulit-ulit na panawagan niya ng patayan bilang bahagi ng kanyang kampanya kontra droga ay maaaring tingnan na panunulsol sa pulis o otoridad na gumawa ng krimen. Ang kanyang mga pahayag laban sa mga pinagsusupetsahan pa lang ay maaaring maituring na panunulsol para gumawa ng karahasan (*incitement to violence*).

Bukod dito, ang doktrina ng *commando superior responsibility* ay nagpapataw ng kriminal na panangutan sa opisyal para sa ano mang ginawa ng kanyang tauhan na labag sa batas, kung saan alam ng *superior* namamahala o may basehan siya para malaman ang ganitong ilegal na gawain subalit nabigong pigilin at parusahan ang gumawa nito. Itong

mga pagpatay na labag sa batas na ginagawa ng mga pulis, na sa nasa ilalim ng mando ni Duterte, ay ilang ulit nang itinawag-atensyon ng *media*, United Nations, ng ibang mga bansa, at ilang lokal at internasyonal na *nongovernmental organizations*, kasama na ang Human Rights Watch. Ang kanyang mga komentong tugon sa mga alegasyon ng mga ito ay nagpapatunay na may alam siya tungkol doon. Malinaw sa tuloy-tuloy na pahayag ni Duterte at ang mga tauhan niya na itinatanggi o kaya ipinagkibit-balikat lang ang *illegal*/na gawain ng pulisia – ito ay nagpapakita na walang inklinasyon o intensyon man lang na imbestigahan ang mga krimeng ito.

Bilang panghuli, ang presidente, nakatataas na opisyal, at iba pang nadadawit sa mga pagpatay na labag sa batas ay maaaring managot para sa krimen laban sa sangkatauhan (*crimes against humanity*), mga mabibigat na pagkakasalang nagawa bilang parte ng isang laganap o sistematikong paglusob sa sibilyan na populasyon. Ang napakarami at wari'y organisadong atake sa tinatarget na grupo ng mga *drug suspects* ay maaaring tumumbas sa mga krimen laban sa sangkatauhan ayon sa depinisyon ng International Criminal Court, kung saan kasama ang Pilipinas.

Ang giyera kontra droga ni Duterta ay hindi lang garapalang paglabag sa karapatang pantao – malamang ito rin ay may negatibong epekto sa kalusugan ng publiko. Nakapagdokumento ang Human Rigths Watch sa iba't ibang bansa na ang malupit na *drug enforcement* ay nagging dahilan para sa mga gumagamit ng droga na lumayo mula sa mahahalagang serbisyon pangkalusugan. Ito ay maaaring magdulot ng impeksyon ng HIV at Hepatitis C sa mga taong nagdrogista at makasira pa sa loob ng mga taong lulong sa droga para humingi ng maayos na serbisyon pangkalusugan. Sa katunayan, ang ilang ahensya ng UN tulad ng UNAIDS at ang UN Office on Drugs and Crime ay nagpapayo na ibahin na ang paraan ng pagsugpo sa droga – imbes na *law enforcement* ang gamitin, tugunan ito bilang isang isyu tungkol sa pampublikong pangkalusgan (*public health*). Naniniwala ang Human Rights Watch na dapat ng i-decriminalize o gawing legal ang droga para sa personal na gamit.

Ang Pangulong Duterte ay may legal na responsibilidad na utusan ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas na tigilan na ang kampanyang pagpatay sa mga pinagsusupetsahan pa lang na gumagamit o tumutulak ng droga. Ang Pambansang Kawanihan ng Pagsisiyasat

(NBI) at ang Opisina ng Ombudsman ay dapat imbestigahan nang walang kinikilingan ang mga pagpatay at usigin ang mga responsable para dito. Ang Kongreso ay dapat magsagawa ng malawakang pagdining tungkol sa isyu at magpatibay ng panukalang-batas upang matigil ang ganitong mga pagkitil ng buhay. Ang mga bansang tumutulong sa Pilipinas ay dapat ihinto ang lahat ng tulong sa PNP hanggang sa matigil ang mga pagpatay at magkaroon ng makabuluhang imbestigasyon at ibaling na lang ang kanilang tulong sa mga programang tinatawag na *harm-reduction* sa mga komunidad.

## Mga Rekomendasyon

### Sa Presidente ng Pilipinas

- Agad na gumawa ng aksyon upang matigil ang *extrajudicial executions* sa kampanya kontra droga;
- Tuligsain ang mga patayang *extrajudicial* at iba pang mga pang-aabuso na nagaganap sa kampanya kontra droga, at piliting maimbestigahan at magkaroon ng akmang paglilitis sa mga opisyal ng gobyerno sa lahat ng antas at ang mga ahente ng gobyerno na nadadawit sa mga nasabing pang-aabuso;
- Ipawalang-bisa ang utos na isali ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) sa kampanya kontra droga;
- Itigil ang mga pampublikong pahayag na nagsusulsol o nag-uudyok sa mga otoridad at sa publiko na gumawa ng pagpaslang na labag sa batas at iba pang klase ng abuso laban sa mga pinagsususpectsahan na nagbebenta at gumagamit ng droga;
- Utusan ang Ombudsman at ang ang Pembansang Kawanihan ng Pagsisiyasat (NBI) na magsagawa ng pagsisiyasat na walang kinikilingan at mag-ulat agad sa publiko tungkol sa pagkakasangkot ng Pembansang Pulisia ng Pilipinas, kasama ang SOCO at SAID-SOTU na mga yunit niyo, at mga lokal na opisyal sa mga pagpatay at iba pang abuso sa mga suspectadong kriminal;
- Utusan ang Comission on Audit at iba pang ahensya na imbestigahan ang posibleng maling paggamit ng pera ng gobyerno para sa kampanya kontra droga at gumawa ng nararapat na aksyon;
- Payagan nang walang panghihimasok o paninikil ang pagbisita sa Pilipinas ng *UN Special Rapporteur on Extrajudicial Executions* at iba pang eksperto ng UN para imbestigahan ang mga pagpatay na labag sa batas at iba pang pang-aabuso sa kampanya kontra droga.

## Sa Kongreso ng Pilipinas

- Magsagawa ng mga pampublikong pagdinig sa mga alegasyon ng *extrajudicial killings* ng pulisya at iba pang opisyal ng gobyerno sa kampanya kontra droga;
- Itigil ang kriminalisasyon ng personal na paggamit ng droga at ang posesyon ng droga para sa personal na gamit. Magbigay ng angkop na suporta para sa voluntaryong pagpapamot ng pagkalulong sa droga at mga *harm reduction services*.

## Sa Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP)

- Itigil ang mga “*buy-bust*” operations hanggang sa magkaroon ng mga makabuluhang hakbang na pipigil sa mga pagpatay na labag sa batas at iba pang abuso;
- Siguraduhing maayos ang pagkakatago ng lahat ng ebidensya, kasama ang baril at mga bala, na natipon mula sa lahat ng operasyon, kabilang dito yong mag nauwi sa sa pagkamatay ng mga suspek na kriminal at mga pagpatay na gawa umano ng mga *vigilante*, at pahintulutan ang pagsiyasat sa mga ebidensyang ito;
- Isama ang pagpatay ng mga pulis at mga tinatawag na *vigilante killings* bilang ibang kategorya sa *National Crime History Registry*, at gawing maging madali para sa publiko na suriin ito;
- Gawin lahat ng hakbang para mapigilan ang mga pagbabanta, paghihiganti o iba pang paglabag sa batas na gagawin ng pulis laban sa mga saksi na magdadawit sa kanila sa mga pagpatay;
- Gawing madali para sa publiko na mabasa at makita ang mga *operational procedures, investigators' manual* at iba pang alituntunin na nagsasaad ng mga tungkulin ng mga opisyal ng pulisya.

## Sa Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice)

- Utusan ang NBI na imbestigahan, sa paraang walang kikilingan at bukas, at usigin ayon sa nararapat ang mga sinasabing *extrajudicial killings* at iba pang pang-aabuso pag may *anti-drug operations*; tiyakin na ang mga maiimbestigahan ay may kasama na miyembro ng pulisya at iba pang opisyal ng gobyerno, kasama na ang mga nakatataas na miyembro ng administrasyon;

- Buksan ang *hotlines* ng telepono at iba pang linya ng komunikasyon para makatanggap ng impormasyon sa mga sinasabing pagpatay tuwing may operasyon kontra droga;
- Utusan ang NBI na gamitin ng ganap ang *Witness Protection Security and Benefit Act* para masiguro ang kapakanan ng mga saksi at pamilya ng biktima ng mga pagpatay; tiyakin na ang mga saksi ay protektado mula sa oras na sila ay humingi ng tulong hanggang sa matapos ang paglilitis, kung kinakailangan;
- Magtaguyod ng mga hakbang para masiguro na ligtas na makakapagsalaysay ang mga saksi nang ayon sa tamang proseso (*due process*), tulad na lang ng pagbibigay pahintulot na magsalaysay gamit ang *live video* o sa mga korte na sarado sa publiko;
- Hangga't naayon sa batas at sa tamang paggamit, ang mga tagausig ay dapat tumangging umusig ng mga kasong droga, o humanap na lang ng pinakamababang kaso na maaring isampa ng naayon sa batas;
- Hanggang sa papayagan ng batas at sa hangganan ng tamang paggamit ng diskresyon, ang mga hukom ay dapat maghatol ng mga sentensa na hindi mabibilanggo ang inaakusahan. Dapat palayain ng mga ukom ang mga inakusahan ng *drug possession* base sa diskresyon ng korte (*on their own recognizance*), kung kailan ito angkop. Kung kailangan ng piyansa, ito ay dapat na nasa lebel na nararapat sa kakayahang ng akusado.

### Sa Komisyon ng Karapatang Pantao (Commission on Human Rights)

- Siyasatin at mag-ulat sa sinasabing *extrajudicial killings* at ibang paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng kampanya kontra droga, kabilang ang laban sa mga miyembro ng pamilya at mga saksi sa karahasan;
- Siyasatin at mag-ulat sa mga banta at karahasan laban sa mga nagtatanggol ng karapatang pantao, mga mamamahayag, mga politiko, at iba pa na nagsasalita laban sa kampanya kontra droga;
- Magsagawa ng kampanyang pampubliko (*public awareness campaign*) para tulungan ang mga ordinaryong mamamayan na biktima ng mga paglabag sa karapatang pantao o sa mga nais na mag-ulat sa sinasabing pang-aabuso ng

pamahalaan. Magpakalat ng impormasyon sa mga paksa tulad ng karapatan ng mga miyembro ng pamilya na pagbayarin ang estado sa awtopsiya ng mga pinaslang at maabisuhan tungkol sa kalagayan ng imbestigasyon.

### Sa Opisina ng Ombudsman

- Imbestigahan ang mga opisyal na nagpapatupad ng batas at iba pang opsyal ng gobyerno na pinagsususpectsahan na may kinalaman sa *extrajudicial killings*, kasama dito ang *anti-drug operations* at sinasabing *vigilante killings*, at humingi ng pag-uusig kung kinakailangan.

### Sa Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health)

- Hikayatin at suportahan ang mga programa na nagbibigay-diin sa pampublikong kalusugan bilang tugon sa paggamit ng droga.

### Sa *Foreign Donors at Partners*, kabilang ang Estados Unidos, European Union, Japan, ang World Bank, at ang Asian Development Bank

- Agad na suspindihin ang anumang pinansiya na tulong, programang pagsasanay, pagbebenta ng mga armas, at *capacity-building programs* kasama ang Pambansang Pulisia ng Pilipinas (PNP) hanggang sa itigil ng gobyerno ng Pilipinas ang giyera kontra droga at gumawa ng mga nararapat na imbestigasyon sa mga sinasabing mga pagpatay na labag sa batas kaugnay ng kampanyang ito;
- Himukin ang administrasyon ni Duterte na itakwil ang *extrajudicial executions* at magsagawa ng mga imbestigasyon na walang kikilingan sa sinasabing mga pagpatay;
- Bawiin ang teknikal, pinansyal at iba pang tulong sa mga otoridad na nadadawit sa malawakan at sistematikong pang-aabuso kung saan ang gobyerno ay hindi pinagsisikapang mapanagot ang mga responsable dito;
- Suportahan ang mga *nongovernmental organizations* na nagbibigay ng legal at iba pang serbisyo sa pamilya ng biktima ng *extrajudicial killings* gawa ng kapulisan, at

- mga nagpapatupad ng mga programa na magpapabago ng buhay ng mga gumagamit ng droga, kasama na dito ang mga bata;
- Mag-alok na magbigay ng suporta sa *international law enforcement assistance* na may kasamang imbestigasyon sa sinasabing mga paglabag sa karapatang pantao;
- Pondohan at hikayatin ang mga programa na nagbibigay-diin sa pinakamahusay na internasyunal na gawain (*international practices*) sa pampublikong kalusugan bilang tugon sa paggamit ng droga, kasama dito ang *pilot programs*.

## Sa Gobyerno ng Estados Unidos

- Itigal pansamtala ang mga nakaplanong na pagbebenta ng mga armas sa Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP) hanggang sa ang kampanya kontra droga ay mahinto at magkaroon ng mga hakbang para imbestigahan at usigin ang mga responsible dito;
- Ang Millennium Challenge Corporation na pinamumunuan ng US ay dapat na ipagpatuloy ang pagpapalibtan sa pagbibigay ng pondo sa Pilipinas sa kadahilangan kaugnay ito ng patakaran sa batas at respeto sa *civil liberties*, na unang inanunsyo noong Disyembre 2016 sa ilalim ng administrasyon ni Duterte na itigil na ang mapang-abuso na kampanya kontra droga at imbestigahan ang mga responsible dito;
- Ang State Department at Department of Defense ay dapat na usisiing mabuti ang mga miyembro ng PNP o iba pang opisyal ng gobyerno ng Pilipinas na kasama sa pagsasanay sa US o sa mga *law enforcement* o operasyong militar kung saan magkatambal ang US at Pilipinas. Sa ilalim ng *Leahy Law* at bilang usaping polisiya ng US, hindi dapat magiging kasama sa mag pagsasanay na ito ang sinumang nadadawit sa malulubhang pang-aabuso;
- Ang US State Department ay dapat na siguraduhin na ang pinondohan nitong mga pagsasanay sa PNP sa ilalaim ng Bureau of International Narcotics and Law Enforcement Affairs (INL) ay hindi ginagawang panghihikayat o pagbibigay pabuya ang mataas na bilang ng mga inaresto para sa possession ng droga. Bagkus bigyang diin na ang mataas na bilang ng pag-aresto ay hindi mabisang sukatang ng pagpapatupad ng batas;

- Ang militar ng US ay dapat bawasan ang direktang tulong at kooperasyon kasama ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) kung sakaling gamitin ng gobyerno ng Pilipinas ang mga AFP yunit nito sa kampanya kontra droga at kung may mga kapani-paniwalang alegasyon na may mga tauhan ang AFP na nagsasagawa ng mga labag sa batas na pagpatay nang walang pananagutan.

## Sa United Nations

### *Sa UN Human Rights Commission*

- Magtag ng isang malayang internasyonal na imbestigasyon tungkol sa mga pagpatay at iba pang paglabag na ginagawa ng mga otoridad ng Pilipinas sa konteksto ng giyera kontra droga ni Pangulong Duterte;
- Suriin ang kalagayan ng Pilipinas bilang miyembro ng Human Rights Council kung lagi bang nilalabag ang mga obligasyon nito bilang miyembro at manindigan para sa pinakamataas na pamantayan ng karapatang pantao at makipagtulungan sa *council* at ang mga mekanismo nito, kasama ang *Special Procedures*.